Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

## ARALIN 1: MGA KONTEMPORARYONG ISYU


| | |
|---|---|
| **5Development & Editorial Team** | |
| **Writer:** | Rolando D. Roa |
| **Illustrators:** | |
| **Layout Design Editor:** | Dr. Normina B. Hadji Yunnos |
| **Content Editors:** | Dr. Rosalie R. Condes / Mrs. Leuvina D. Erni |
| **Language Editors:** | Mrs. Wilma B. Orjaleza |
| **Management Team:** | Dr. Malcom S. Garma, Regional Director - NCR<br>Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS SDO-Pasay City<br>Dr. Arturo A. Tolentino , OIC ASDS- Pasay City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR<br>Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City<br>Andrew E. Tan– EPS AP - NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Mrs. Leuvina D. Erni , EPS-AP – SDO Pasay City<br>Dr. Normina B. Hadji Yunnos, LR EPS SDO Pasay City |



(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

## PAANO GAMITIN ANG MODYUL NA ITO

Bago mo simulan ang pagsagot sa modyul na ito, nais ko na pansamantala mong itigil ang mga gawain na maaaring makasagabal habang ikaw ay nag-aaral. Basahin ang mga panuto sa ibaba para matagumpay mong maisakatupan ang mga layunin ng ating aralin.

1. Sundin nang Mabuti ang lahat ng nilalaman at panuto na nakapaloob sa bawat pahina ng modyul na ito.
2. Isulat sa iyong kwaderno o malinis na papel ang mga konsepto o kaisipan tungkol sa mga aralin. Ang pagsusulat ay nagpapayaman ng pagkatuto na mahalagang linangin at laging isaisip.
3. Isakatuparan ang lahat ng inilaang gawain dito sa modyul.
4. Huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapag daloy sa iyong mga sagot.
5. Suriin nang mabuti ang pangwakas na pagsusulit at isagawa ang mga iyong natutunan.
6. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa. Kaya mo ito!

## Mga Bahagi ng Modyul

- **Inaasahan** – Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga kailangan mong matutuhan sa modyul.
- **Unang Pagsubok –** Sa pagsusulit na ito, susukatin ang mga kaalaman mo at mga konspetong aalamin sa aralin.
- **Balik-Tanaw –** Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.
- **Maikling Pagpapakilala ng Aralin –** Sa bahaging ito, ipakikita ang kabuoang kaisipan ng aralin.
- **Mga Gawain** – Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa.
- **Tandaan –** Sa bahaging ito, nilalagom ang mga konsepto at paglalapat ng mga aralin.
- **Pag-alam sa Natutuhan –** Dito matutukoy ang iyong mga natutuhan sa aralin.
- **Pangwakas na Pagsusulit –** Ito ay gawain nanaglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi mula sa buong modyul.

# ARALIN 1: MGA KONTEMPORARYONG ISYU

### INAASAHAN:

1. Nasusuri ang mga kontemporaryong isyu ng lipunan tungo sa pagtugon sa mga hamon ng malaya at maunlad na bansa.
2. Naipaliliwanag ang mga kontemporaryong isyung pampolitika, pangkabuhayan, panlipunan, at pangkapaligiran na tumutugon sa mga hamon ng malaya at maunlad na bansa.

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat aytem. Isulat ang letra ng wastong sagot

_____ 1. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** kabilang sa uri ng korapsyon sa Pilipinas?

A. panunuhol
B. pangingikil
C. *ghost projects at payrolls*
D. pagbabayad ng tamang buwis

_____ 2. Ang tawag sa proseso ng mabilisang pagdaloy o paggalaw ng mga tao, bagay, impormasyon at produkto na nararanasan sa iba't ibang panig ng daigdig?

A. globalisasyon
B. liberalisasyon
C. *outsourcing*
D. *Fair Trade*

_____ 3. Anong uri ng *outsourcing* ang pagkuha ng serbisyo ng isang kompanya mula sa ibang bansa dahil sa mas mababang singil na bayad?

A. *Nearshoring*
B. *Offshoring*
C. *Onshoring*
D. *Outsourcing*

_____ 4. Ito ay nagdudulot ng pagbabago sa lakas at haba ng tag-ulan at dalang ng pag-ulan. Nagdudulot din ito ng mga kalamidad tulad ng *heatwave*, tagtuyot matitinding bagyo at baha.

A. *Deforestation*
B. *Climate change*
C. *Coral bleaching*
D. *Global warming*

_____ 5. Ano ang naidudulot ng pagtaas ng antas ng carbon dioxide na naiipon sa atmospera ng mundo?

A. *Deforestation*
B. *Air Pollution*
C. *Global Warming*
D. *El Nino Phenomenon*

_____ 6. Tumutukoy ito sa mga isyung nagaganap sa kasalukuyan at may malinaw na epekto sa ating lipunan?

A. Isyung Pangkalakalan
B. Isyung Pangkalusuagan
C. Isyung Pangkapaligiran
D. Kontemporaryong Isyu

_____ 7. Ang pangulong nagpatupad ng programang Digmaan Kontra Droga o *War on Drugs?*

A. Pang. Ferdinand E. Marcos
B. Pang. Benigno Simeon C. Aquino
C. Pang. Rodrigo R. Duterte
D. Pang. Gloria Macapagal-Arroyo

_____ 8. Ang mga sumusunod ay mga dahilan kung bakit nag-aagawan ang mga bansa sa isang teritoryo, **MALIBAN** sa isa. Alin ito?

A. Pagiging sikat sa ibang bansa
B. Kasaganaan sa likas na yaman
C. Pagtutunggaling may kinalaman sa kultura, relihiyon, at nasyonalismo
D. Bunga ng hindi malinaw na kasunduang nagtakda ng mga hangganan ng teritoryo.

_____ 9. Sa iyong palagay paano mawawala o maaalis ang korapsyon sa ating bansa?
A. Magbayad ng buwis na hindi naaayon sa iyong kinikita
B. Maging tapat sa mga binabayarang buwis at paglilingkod sa bayan
C. Magyabang dahil may kakilala sa gobyerno at kumite sa pagpapadrino
D. Magpadulas o manuhol sa kakilala upang mapadali ang transaksyon sa gobyerno

_____10. Kailan maituturing na ang isang isyu o pangyayari ay kontemporaryong isyu?
A. Mahalaga at makabuluhan sa ilang magkakaibigan.
B. Walang epekto ang usapin sa lipunan at sa mga mamamayan.
C. Klasikong pangyayari at nakakaapekto sa panahon ng ating mga ninuno.
D. Kung ang mga isyu ay may mabuti o hindi mabuting impluwensya sa lipunan sa kasalukuyan.

## BALIK-TANAW

**Panuto**: Pumili ng napapanahong usapin o isyu na nais mong bigyan ng reaksyon. Ipahayag ang iyong kuru-kuro hinggil dito.

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Ang kontemporaryong isyu ay hango sa dalawang salita ang KONTEMPORARYO na ang ibig sabihin ay kasalukuyan at ISYU na nangangahulugang suliranin, tema o paksa na may epekto sa lipunan, bansa o sandaigdigan. Ito ay mga pangyayari na nagdudulot ng pagbabago sa kalagayan ng ating lipunan, bansa o mundo sa kasalukuyang panahon na may kaugnayan sa anumang pangyayari na pinag-uusapan, na nagiging dahilan ng debate o pagpapahayag ng opinyon na may malaking epekto sa pamumuhay ng mga tao sa lipunan. Ang mga pangyayaring ito ay may kaugnayan sa lipunan, kapaligiran, karapatang pantao, ekonomiya, politika, edukasyon, pananagutang pansibiko at pagkamamamayan.

### ISYU NG *TERRITORIAL DISPUTE*

***Territorial Dispute*** o suliraning may kinalaman sa hangganan ng teritoryo bansa. Ito ay nagaganap kung may dalawa o higit pang mga bansa ang umaangkin ng isang lupain, o katawang-tubig. Kadalasang may kinalaman sa kasaganaan ng likas na yaman sa pinag-aagawang teritoryo (Halimbawa na lamang ang kaso ng *Spratly Islands* na kilala sa Pilipinas bilang Kalayaan Group of Islands) sa *West Philippine Sea*.Noong Hulyo 12, 2016 nagpasiya ang ***Permanent Court of Arbitration*** *(PCA)* **PABOR** sa Pilipinas. Nilinaw nito na hindi ito "...mamamahala sa anumang katanungan ukol sa soberanya sa panlupang teritoryo at hindi nito magtatakda ng alinmang hangganang pandagat sa pagitan ng mga Partido". Nagpasiya rin ang húkuman na "walang pangkasaysayang mga karapatan" (***Historical Rights***) ang Tsina batay sa "siyam na gatlang na guhit" (Nine Dash Line) sa kanilang mga mapa.

## ISYU NG KORAPSYON

Ang korapsyo**n** ay isang uri ng pagnanakaw sa kaban ng bayan sa mga buwis na naibabayad ng mga mamamayan. Nagkakaroon ng korapsyon sa ating pamahalaan dahil sa pansariling interes at pangangailang pinansiyal. May iba't ibang uri ng korupsiyon sa Pilipinas. 1. **Ang pagtakas sa pagbabayad ng buwis**, Ito ay talamak partikular na sa pribadong sektor dahil sa pagtanggi ng mga nagnenegosyong pribado na dapat na ideklara ang kanilang taunang kinita at magbayad ng mga angkop na buwis sa pamahalaan.2. **Mga *ghost projects* at *payroll***. Ito ay ginagawa ng mga matataas na opisyal ng pamahalaan kung saan ang mga hindi umiiral na proyekto ay pinopondohan ng pamahalaan samantalang ang mga hindi umiiral na tauhan ng pamahalaan o mga pensiyonado ay binabayaran ng mga sahod at *allowance*. 3. **Pagtakas o pag-iwas sa subasta sa publiko ng pagkakaloob ng mga kontrata**, Ang paglisan ng mga opisina ng pamahalaan partikular na ang mga komite ng mga subasta at pagkakaloob ng mga kontrata sa pamamagitan ng subasta sa publiko o pagkakaloob ng mga kontrata sa mga pinaborang mga negosyo o kontraktor na makapagbibigay sa kanila ng mga personal na benepisyo. 4. **Pagpasa ng mga kontrata**, Sa pagtatayo ng mga proyekto ng imprastruktura, ang mga kontraktor ay may kasanayan ng pagpasa ng mga trabaho mula sa isang kontraktor tungo sa isa pa. 5. **Nepotismo at paboristismo**, Ang mga matataas na opisyal ay maaaring maglagay o humirang mga kamag-anak at kaibigan sa mga posisyon ng pamahlaan kahit pa hindi kwalipikado.6. **Pangingikil (*extortion*),** ginagawa ng mga opisyal ng pamahalaan laban sa kanilang mga kliyente sa pamamagitan ng paghingi ng salapi, mahahalagang mga bagay o mga serbisyo mula sa mga ordinaryong mamamayan na nakikipagtransaksiyon sa kanila, at 7. **Panunuhol (*bribery*).** Ang sistemang lagay o suhol na ang mga mamamayan ay nanunuhol o naglalagay sa mga opisyal ng pamahalaan ay tumatagal dahil sa byurokratikong *red tape*.

## ISYU SA *GENDER IDENTITY*

Ang konsepto ng *gender* at *sex* ay magkaiba. Ayon sa *World Health Organization* (2014), ang *sex* ay tumutukoy sa biyolohikal at pisyolohikal na katangian na nagtatakda ng pagkakaiba ng babae sa lalaki. Samantalang ang *gender* naman ay tumutukoy sa mga panlipunang gampanin, kilos, at gawain na itinatakda ng lipunan para sa mga babae at lalaki. Sa simpleng pakahulugan, ang salitang pagkakakilanlang pangkasarian ***(gender identity)*** ay kinikilala bilang malalim na damdamin at personal na karanasang pangkasarian ng isang tao, na maaaring nakatugma o hindi nakatugma sa sex niya nang siya'y ipanganak, kabilang ang personal na pagtuturing niya sa sariling katawan at iba pang ekspresyon ng kasarian, kasama na ang pananamit, pagsasalita, at pagkilos., kung siya ay lalaki o babae o pareho.

## ISYU SA DROGA

May mga taong gumagamit ng droga dahil may gusto silang baguhin sa buhay nila. Akala nila na ang mga droga ay solusyon. Ngunit kalaunan, ang mga droga ang nagiging problema. Sa kabila problemang kinakaharap sa droga, naglunsad ng Kampanya laban sa iligal na droga sa Pilipinas, na kilala rin bilang Oplan Tokhang (mula sa salitang Cebuano na tuktok o katok at hangyo o manghimok) at Oplan *Double Barrel*, ay isang digmaan laban sa droga noong Ika-1 ng Hulyo, 2016 mula nang umupo bilang pangulo ang dating alkalde ng Davao na si Rodrigo Roa Duterte. Ang ***Philippine Drug Enforcement Agency*** (*PDEA*) ang ahensya ng pamahalaan na naatasang manguna laban sa iligal na droga. Ang ilan sa mga inaabusong illegal na droga ay ang sumusunod; *alcohol, marijuana*, shabu, *cocaine*, *heroin, ecstacy rugby* at iba.

## ISYUNG PANGKABUHAYAN

Ang **Globalisasyon** ay proseso ng mabilisang pagdaloy o paggalaw ng mga tao, bagay, impormasyon at produkto sa iba't ibang direksiyon na nararanasan sa iba't ibang panig ng daigdig *(Ritzer, 2011*). Sinasalamin nito ang makabagong mekanismo upang higit

na mapabilis ng tao ang ugnayan sa bawat isa. Itinuturing din ito bilang proseso ng interaksyon at integrasyon sa pagitan ng mga tao, kompanya, bansa o maging ng mga samahang pandaigdig na pinabibilis ng kalakalang panlabas at pamumuhunan sa tulong ng teknolohiya at impormasyon. Dahil sa pag-unlad ng teknolohiya at mga polisiyang ipinatupad sa mga nagdaang taon napabilis nito ang palitan ng kalakal, impormasyon, serbisyo, pamumuhunan at maging ng migrasyon.

Ang ***Outsourcing*** ay tumutukoy ang sa pagkuha ng isang kompanya ng serbisyo mula sa isang kompanya na may kaukulang bayad. Pangunahing layunin nito na mapagaan ang gawain ng isang kompanya upang mapagtuunan nila ng pansin ang sa palagay nila ay higit na mahalaga. Maaaring uriin ang *outsourcing* batay sa uri ng ibinibigay na serbisyo tulad ng ***Business Process Outsourcing*** na tumutugon sa prosesong pangnegosyo ng isang kompanya. Nariyan din ang ***Knowledge Process Outsourcing*** na nakatuon sa mga gawaing nangangailangan ng mataas na antas ng kaalamang teknikal tulad ng pananaliksik, pagsusuri ng impormasyon at serbisyong legal.

**ISYUNG PANGKAPALIGIRAN (*Climate Change*)**

Ang ***Climate Change*** ay pagbabago ng klima o panahon na nagdudulot ng pagbabago sa lakas at haba ng tag-ulan at dalang ng pag-ulan. Nagdudulot ito ng mga kalamidad tulad ng *heatwave*, tag tuyot, matitinding bagyo at baha. Ayon sa pag-aaral nina Domingo at mga kasama (2008), na nararanasan na sa Pilipinas ang epekto ng *climate change*. Patunay nito ang madalas at matagalang kaso ng ***El Niño*** at ***La Niña***. Sa ating bansa, kapag may *La Niña* mas mahabang at mas malalakas na ulan na may kasamang pagbaha, pagtaas ng tubig alat at mas marami ang sakit ng palay dahil sa mahalumigmig na panahon. Kaya ang mga magsasaka sa ating bansa ay naaapektuhan tuwing ***La Niña*** at nagdudlot ito ng matinding pinsala kung hindi ito mapaghahandaan. Samantala, ang ***El Niño*** ay kabaligtaran ng *La Nina* dahil ito ay nagdudulot ng matinding tagtuyot, at *forest fires*.

Ilan sa mga dahilan ng *Climate Change* ay ***Global Warming***, ito ay tumutukoy sa patuloy na pagtaas ng temperatura ng himpapawid o karagatan. Dahil sa mga usok na ibinubuga ng mga pabrika, ibat-ibang industriya at pagsusunog ng kagubatan. ***Solid Waste*** o mga basurang itinatapon araw araw. ***Deforestation*** o pagpuputol ng mga puno sa kagubatan. ***Water Pollution*** o pagtatapon ng basura sa karagatan, pagtagas ng mga nakalalasong kemikal sa mga daluyan ng tubig. ***Air Pollution*** o mga usok na ibinubuga ng mga pabrika, industriya, mga sasakyan at pag susunog ng mga plastik, basura at kagubatan. ***Greenhouse gases*** o Ibat-ibang uri ng *gas* na naipon sa atmospera na pumipigil sa init ng araw na makabalik sa kalawakan. Ito ang bumabalot sa ating daigdig kung kayat patindi ng patindi ang init na ating nararanasa. Ilan sa mga halimbawa nito ang *Carbon Monoxide* at *Carbon Dioxide* (*CO2) at Chloroflourocarbons (CFC).*

## GAWAIN 1 Konsepto ng Kontemporaryong Isyu

**Panuto**: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat ang **TAMA** kung ito ay nagsasaad ng kahalagahan ng pag-aaral ng kontemporaryong isyu at **MALI** kung hindi.

______ 1. Nagiging bahagi tayo ng solusyon sa mga nararanasang problema sa ating komunidad lalo na tuwing may pagbaha, o tagtuyot na sanhi ng *Climate Change.*

______ 2. Nalalaman natin ang kalagayan at kahalagahan ng mga pangyayari sa ating bansa gaya ng paglalagay sa ilalim ng *Enhanced Community Quarantine, Bubble Plus* at iba pa sa buong panahon ng *Covid-19*

*pandemic*.

______ 3. Pagiging *"one-sided"* ng tao sa mga usaping may kinalaman sa sariling kapakanan at hindi iniintindi ang opinyon at kalagayan ng iba.

______ 4. Nauunawaan natin kung bakit may mga taong nakikibaka at naghahayag ng kanilang mga saloobin sa kalye at sa iba pang lugar.

______ 5. Natututo tayong balewalain ang kultura ng ibang lahi o komunidad dahil salungat ito sa ating pananaw at paniniwala.

## GAWAIN 2 Isyung Pampulitika

**Panuto**: Buuin ang ginulong letra upang matukoy ang inilalarawang isyung pampulitika.

1. Ito ay suliraning may kinalaman sa hangganan at teritoryo ng bansa. Ito ay nagaganap kung may dalawa o higit pang mga bansa ang umaangkin ng isang lupain, o katawang-tubig. ____________________

| | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| T | R | D | I | E | S | T | I | O | A | P | R | L | T | U | E | R | E |

2. Nagpasiya ang húkuman o ***Permanent Court of Arbitration*** na "walang pangkasaysayang mga karapatan" (***Historical Rights***) ang Tsina sa Pilipinas batay sa____________

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| N | A | D | N | S | I | I | E | H | N | L | E |

3. Ang paglalagay o paghirang sa mga kamag-anak at kaibigan sa mga posisyon ng pamahalaan kahit pa hindi kwalipikado. ________________

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| N | T | O | S | E | I | M | P | O |

4. Ginagawa ito ng mga tiwaling opisyal ng pamahalaan sa kanilang mga kliyente sa pamamagitan ng paghingi ng salapi, mahahalagang mga bagay o mga serbisyo mula sa mga ordinaryong mamamayan na nakikipagtransaksiyon sa kanila. __________________

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| E | T | I | X | O | R | T | O | N |

5. Ito ay pagnanakaw sa kaban ng bayan na sanhi ng pansariling interes at pangangailangang pinansyal.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | A | R | O | Y | S | O | P | N |

____________________

## GAWAIN 3 Isyu sa *Gender Identity* at Ilegal na Droga

**Panuto:** Isulat kung Tama o Mali ang isinasaad ng bawat pangungusap.

_____1. Ang paggamit ng iligal na droga ay solusyon sa problemang kinakaharap sa buhay.

_____ 2. Sa panahon natin ngayon ang pagtatanggol sa pamilya mula sa kapahamakan ay tungkulin ng kalalakihan.

_____ 3. Ang sex ay tumutukoy sa biyolohikal at pisyolohikal na katangian na nagtatakda ng pagkakaiba ng babae sa lalaki.

_____ 4. Ang pagkakakilanlang pangkasarian (*gender identity*) ay maaaring maiuri bilang heterosekswal, homosekswal, at bisekswal.

_____ 5. Ang *Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA*) ang ahensya ng pamahalaan na siyang naatasang manguna laban sa ilegal na droga.

## GAWAIN 4 Isyung Pangkabuhayan at Pangkapaligiran

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Lagyan ng **(✓)** kung ito ay tumutukoy sa isyung pangkabuhayan **(X)** naman kung isyung pangkapaligiran.

_____ 1. Ang *deforestation* o pagkakalbo ng mga puno sa ating kagubatan ay itinuturing din na sanhi ng pagtaas ng temperatura ng mundo na nagreresulta ng *climate change*.

_____ 2. Ang malalakas na bagyo ay nagdudulot ng pagkawasak ng mga tirahan, sakahan, at iba pang ari-arian.

_____ 3. Pagtutulungan ng mga bansa sa larangan ng ekonomiya, pulitika at seguridad.

_____ 4. Pagdami ng mga *Overseas Filipino Workers* sa ibat-ibang mga bansa upang maghanapbuhay.


_____ 5. Pagpasok ng mga *Multinational Companies* sa ating bansa.

## TANDAAN

Ang pagiging mulat sa mga kontemporaryong isyu sa ating lipunan ay nagbibigay pagkakataon sa bawat mamamayan na maging kabahagi ng solusyon sa mga problema na ating kinakaharap sa kasalukuyan maging sa usaping pampulitika, pangkabuhayan, pangkapaligiran at panlipunan.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto**: Isulat sa loob ng kahon ang mga pangunahing isyu na kinakaharap ng mga mamamayan sa ating bansa.



**Panuto**: **S-E-S Graph**

Batay sa mga kontemporaryong isyu na isinulat mo sa graphic organizer. Pumili ng isa at magbigay ng tigalawang (2) sanhi at epekto nito. Isulat ito sa dayagram.

**Kontemporaryong Isyu**

**Isyu**

1.

**Sanhi**

2.

3.

**Epekto**

4.

5.

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto**: Basahin at unawain ang bawat aytem. Isulat ang wastong sagot sa patlang.

1. Tumutukoy ito sa mga isyung nagaganap sa kasalukuyan na may malinaw na epekto sa ating lipunan? ______________________________

2. Ano ang tawag sa proseso ng mabilisang pagdaloy o paggalaw ng mga tao, bagay, impormasyon at produkto sa iba't ibang direksiyon na nararanasan sa iba't ibang panig ng daigdig? ______________________________

3. Ito ay nagdudulot ng pagbabago sa haba ng tag-ulan at dalang ng pag-ulan. Nagdudulot din ito ng mga kalamidad tulad ng *heatwave*, tagtuyot, matitinding bagyo at baha. ____________________

4. Ano ang tawag sapagkuha ng isang kompanya ng serbisyo mula sa isang kompanya na may kaukulang bayad. _____________________

5. Ano ang naidudulot ng pagtaas ng antas ng *carbon dioxide* na naiipon sa atmospera ng mundo? ___________________________

6. Sino ang nagpatupad ng programang Digmaan Kontra Droga o *War on Drugs ?*
____________________________________

7. Ano ang tawag sa uri ng *outsourcing* na nakatuon sa mga gawaing nangangailangan ng mataas na antas ng kaalamang teknikal tulad ng pananaliksik, pagsusuri ng impormasyon at serbisyong legal.?
____________________________________

8. Ang _______________ ay isang uri ng korapsyon na kung saan nagbibigay ang mga mamamayan ng salapi o regalo upang impluwensyahan ang mga aksyon ng isang opisyal o mga taong tumatanggap nito.

9. Ano ang tumutukoy sa biyolohikal at pisyolohikal na katangian na nagtatakda ng pagkakaiba ng babae sa lalaki? _____________________________

10. Ito ay gawi ng panahon na nagdudulot ng matinding tagtuyot at *forest fire*.
______________________________

## SANGGUNIAN


- DepEd Learning Modules AP Grade 10, pp: 7-12
- http://rehasngkasakiman.blogspot.com/2015/10/korupsyon-sa pilipinas.htmlhttps://tl.wikipedia.org/wiki/Dagat_Kanlurang_Pilipinas
- https://www.coursehero.com/file/48512632/Pangkat-4-Outlinedocx/
- https://www.slideshare.net/manoletcaranto961992/teritoryo-39083816
- http://rehasngkasakiman.blogspot.com/2015/10/korupsyon-sa-pilipinas.html
- https://www.slideshare.net/JosephCemena/mga-napapanahong-isyung-lokal-at-nasyonal
- https://www.drugfreeworld.ph/drugfacts/drugs/basic-facts-about-commonly-abused-drugs.html
- https://www.swd.gov.hk/vs/doc/publicity/Child%20Abuse%20It%20Matters%20You%20(Tagalog%20version).pdf